


Filipino

Ikaapat na Markahan – Modyul 3: El Filibusterismo



**Filipino – Ikasampung Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan (EI Filibusterismo)
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyal. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyal na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul		
Manunulat:	Renato I. Molina	John Patrick A. Ellorin
	Constancia J. Acacio	
Editor:	Evangeline E. Soriano	Joel B. Caballero
	Edmundo A. Bisquera	
Tagasuri:	Arabella May Z. Soniega	Editha T. Giron
	Gina A. Amoyen	Lailani L. Marron
Tagaguhit:	Abraham G. Ocan	Amy C. Agustin
Tagalapat:	Abraham G. Ocan	Jerson Rod A. Acosta
Tagapamahala:	Tolentino G. Aquino	Fatima R. Boado
	Arlene A. Niro	Russell Jim V. Tamayo
	Gina A. Amoyen	Edmundo A. Bisquera
	Editha T. Giron	Joel B. Caballero

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region I

Office Address: Flores St., Catbangan, City of San Fernando, La Union

Telefax: (072) 682-2324; (072) 607-8137

E-mail Address: region1@deped.gov.ph

10

Filipino

Ikaapat na Markahan – Modyul 3: El Filibusterismo

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

Aralin

1

KABESANG TALES, TAGUMPAY AT KABIGUAN



Alamin

Isang mapagpalang araw mga mag-aaral! Sa pagpapatuloy ng iyong aralin alam mo ba na ang isa sa pinakamahirap gawin ng isang tao ay ang manatiling matatag sa mga suliranin at sa matitinding pagsubok na dumarating sa kanyang buhay? Masasabi natin na matatag ang isang tao kung siya'y hindi nabubuwal at hindi nagpapatalo sa anumang pagsubok na kanyang hinaharap sa buhay.

Kaya huwag mong hayaang ibagsak ka ng anumang matinding suliranin. Nararapat lamang na mabigyan mo ito ng tamang lunas, huwag itong iyakan at magmukmok na lamang sa isang tabi bagkus mag-isip nang tama at magandang solusyon kalakip nito ang mataimtim na pagdarasal at pagtitiwala sa Diyos. Nangyari ito sa buhay ni Kabesang Tales. Paano niya ipinaglaban ang kanyang karapatan at paano rin niya napagtagumpayan ang maraming pagsubok na dumating sa kanyang buhay.

Sa modyul na ito ay matutunghayan mo ang pakikipagsapalaran at pagiging matatag sa buhay ng ating pangunahing tauhan at kung paano niya ipinaglaban ang kanyang karapatan sa mga umabuso at umapi sa kanya.

Sa tulong ng mga inihandang gawain, masasalamon mo ang mga paniniwala at pagpapahalaga ng mga pangunahing tauhan. At sa pagwawakas ng araling ito, tiyak ko na ikaw ay makapagmumungkahi ng solusyon sa isang suliraning panlipunan sa kasalukuyan. Halina't tunghayan mo.

Sa araling ito malilinang ang mga Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELCS) na:

- a) Naipahahayag ang sariling paniniwala at pagpapahalaga kaugnay ng mga kaisipang namayani sa akda. **F10 PN- IVd-e- 85**
- b) Nasusuri ang mga kaisipang lutang sa akda (Diyos, bayan, kapwa-tao, magulang). **F10PB-IVd-e-88**
- c) Natatalakay ang mga kaisipang ito: kabuluhan ng edukasyon / pamamalakad sa
 - pamahalaan / pagmamahal sa: Diyos / Bayan / Pamilya / kapwa-tao /
 - kabayanihan / karuwagan / paggamit ng kapangyarihan / kapangyarihan ng salapi /
 - kalupitan at pagsasamantala sa kapwa / kahirapan / karapatang pantao / paglilibang
 - kawanggawa. **F10 PB- IVd – e- 89**

- d) Naipaliliwanag ang kabuluhan ng mga kaisipang lutang sa akda kaugnay ng: karanasang pansarili / gawaing pangkomunidad / isyung pambansa / pangyayaring pandaigdig. **F10 PN- IVf- 90**
- e) Naiuugnay ang kaisipang namayani sa pinanood na bahagi ng binasang akda sa mga kaisipang namayani sa binasang akda. **F10 PD- IVd- e- 83**
- f) Naisusulat ang pagpapaliwanag ng sariling mga paniniwala at pagpapahalaga kaugnay ng mga kaisipang namayani sa akda. **F10 PU-IVd-e- 87**
- g) Naipahahayag ang sariling paniniwala at pagpapahalaga gamit ang angkop na mga salitang hudyat sa paghahayag ng saloobin/ damdamin. **F10 WG- IVd-e- 80**



Subukin

Panimulang Pagtataya

Panuto: Punan ang patlang ng wastong sagot. Isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Hindi pa rin nakalimot si Kabesang Tales sa magandang kaugalian, sa kabila ng_____
 - a. pagdarahop
 - b. pagaayuno
 - c. paglalaro
 - d. pagsusugal
2. Ang paghahanda ng mga sandata ni Kabesang Tales ay nagpapahiwatig na handang ipaglaban ng mga Pilipino ang kanilang_____
 - a. kasiyahan
 - b. kayamanan
 - c. karapatan
 - d. kalayaan
3. Ipinagbili ni Huli ang lahat ng kanyang alahas maliban sa agnos na na ibinigay sa kanya ni_____.
 - a. Basilio
 - b. Isagani
 - c. Kapitan Tiyago
 - d. Simoun
4. Hindi natupad ni KabesangTales ang pagpapaaral sa kanyang dalagang anak sa Maynila dahil _____.
 - a. hindi kaya ng kanyang anak
 - b. nag-asawa na ang kanyang anak
 - c. tinaasan nang tinaasan ang buwis sa lupa
 - d. pinigilan siya ng kanyang ina

5. Dahil sa pangangailangan, napilitang kunin ni _____ ang rebolber ni Simoun kapalit ng laket ni Huli.
 - a. Basilio
 - b. Hermana Penchang
 - c. Kabesang Tales
 - d. Tandang Selo

6. Namatay ang anak ni Kabesang Tales dahil sa_____.
 - a. pagod at pagkakasakit
 - b. pakikipag-away
 - c. sama ng loob
 - d. sakuna

7. Nakauwi si Kabesang Tales mula sa pagkakabihag dahil siya’y _____ .
 - a. tinaboy
 - b. tinubos
 - c. tinapon
 - d. tinakas

8. Dahil sa pakikipagasunto ang ilan ay inihambing si Kabesang Tales sa_____.
 - a. asong pumatol sa tigre
 - b. kalesa na bumangga sa dyip
 - c. kambing na sumuwag sa Kalabaw
 - d. palayok na bumangga sa malaking kaldero


9. Nabigla at nagulat si Kabesang Tales nang dumating si_____
 - a. Basilio
 - b. Prayle
 - c. Pare
 - d. Simoun

10. Para mabuo ang pera at matubos ni Huli ang kanyang ama siya ay nagpaalila kay_____.
 - a. Donya Victorina
 - b. Hermana Penchang
 - c. Harmana Bali
 - d. Hermana Sinang

Gawain 1

Panuto: Itala mo ang anumang konseptong may kinalaman sa salitang makikita sa loob ng bilog. Gawing sanligan ang impormasyong makikita sa loob ng kahon.

Ang Sogie Bill ay may layong magbigay ng pantay na karapatan sa mga tao. Pangunahing tagapagsulong nito ay ang mga taong kabilang sa ikatlong lahi o *third sex*. Iwinawaksi nito ang konsepto ng diskriminasyon sa buong kapuluan.



Gawain 2

Panuto: Ilahad ang iyong opinyon sa isyung makikita sa ibaba sa pamamagitan ng pagdudugtong sa mga pahayag.

Isyu: Panukalang gawing P 7.00 ang presyo ng palay sa bansa

1. Lubos kong pinaniniwalaan na _____
2. Kumbinsido akong _____
3. Sa tingin ko _____
4. Sa totoo lang _____
5. Sa aking pananaw _____



Balikan

Panuto: Basahin at unawain ang mga katanungan. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Sino ang bagong nagmamay-ari ng kagubatan ng mga Ibarra na pinuntahan ni Basilio?
 - a. Kapitan Tiyago
 - b. Kabesang Tales
 - c. Padre Florentino
 - d. Padre Salvi
2. Ano ang karangalang natanggap ni Basilio dahil sa kanyang matataas na marka sa paaralan?
 - a. aklat
 - b. medalya
 - c. pera
 - d. tropeo
3. Sino ang pinuntahan ni Basilio upang mamasukan bilang kasambahay?
 - a. Don Tiburcio
 - b. Ibarra
 - c. Kapitan Tiyago
 - d. Pilosopo Tacio

4. Saan inilibing si Sisa?
 a. gubat b. likod ng simbahan c. Plasa d. sementeryo
5. Ilang taon na ang nakararaan nang namatay si Sisa?
 a. sampung taon c. labindalawang taon
 b. labing-isang taon d. labintatlong taon




Tuklasin

Basahin at Unawain

Kabanata IV Si Kabesang Tales

Si Tandang Selo na ama ni Telesporo ay pinalayawan siya ng Tales ay nakikisama noong araw sa isang mayaman, ngunit nang magkaroon ng dalawang kalabaw at daan-daang piso ay nagsarili katulong ang kanyang ama, asawa at tatlong anak. Kaya sila nagkaingin sa dulo ng bayan ay inakala nilang wala nang nagmamay-ari ng lupang iyon. Sa panahon ng pagkakaingin, ang buong angkan ay nagkasakit ng malaria at ang ina ay namatay pati na ang panganay na si Lucia na nasa kabanguhan kumbaga sa bulaklak.



Guhit ni Abraham G. Ocan

Ang bagay na iyon ang siyang pinakamabungang nararapat hintayin sa pagkakabungkal ng lupang sagana sa mikrobiyo. Inakala nilang iyon ay paghihiganti ng Diyos ng gubat at kinalamay na nila ang loob at ipinagpatuloy ang gawain sa paniniwalang humupa na ang galit ng Diyos sa gubat.

Ngunit nang magsimula ang pag-aani ng kanilang pananim, isang korporasyon ng mga nagmamay-ari ng lupa sa mga kalapit na bayan ang umangkin ng kanilang bukiring nilinis at natamnan. Kara-karakay naglagay ng mga tanda at sinakop ang mga lupa at di umano'y napaloob sa ari-arian ng mga pari ang lupaing iyon. Gayunma'y pinagbabayad na lamang sila ng mga pari ng tagapamahala ng mababang buwis-dalawampu o tatlumpung piso isang taon.

Si Tales, isang tahimik na tao at masunurin sa mga pari ay ayaw na ayaw na makipag-usap kaya upang maiwasan ang pag-umpog ng palayok sa kawali gaya ng sabi niya sa ganang kanya, ang mga prayle na maihahalintulad sa mga kawaling yari sa bakal at siya'y isang palayok na yari sa luwad. Hindi siya maalam magsalita ng Espanyol at wala naman siyang ibabayad sa manananggol kung kaya't siya'y

sumang-ayon na lamang.

“Magpaumahin ka na” ang payo ni Tandang Selo sa isang taong pakikipag-usap ay makagugugol ka ng makasampung dami ng ibabayad mong buwis sa mga paring puti. Marahil ay pinagmisa ka naman nila bilang ganti. Ipagpalagay mo na ang tatlumpung pisong iyon ay natalo sa sugal o kaya’y nahulog sa tubig at sinakmal ng buwaya”

Napakaganda at napakabuti ng kaniyang ani at marami siyang pinagbilhan. Binalak niyang magpatayo ng bahay na kahoy sa Baryong Sagpang, Bayani ng Tiani at kanugnog ng San Diego.

Nang sumunod na taon ay masagana na rin ang ani at dahil sa ganito o gayong sanhi ng ginawa ng mga prayle na limampung piso ang dating tatlumpung pisong buwis, at ito’y binayaran din ni Tales para walang kagalitan sapagkat umaasa siyang maipagbili ang kanyang asukal sa mataas na halaga.

“Pasensiya! Ipagpalagay mong lumaki ang buwaya”, ang alo ni Tandang Selo.

Noong taong iyon ay nagkatotoo ang kaniyang pangarap, manirahan sa pook na maraming tao, sa isang bahay na tabla, sa nayon ng Sagpang, isang malugar na tao. Iniisip ng ama at ng Ingkong na pag-aaralin ang dalawang magkapatid lalong-lalo na ang batang babaeng si Huliana o Huli, gaya ng tawag nila, na sa wari’y magiging kaakit-akit at maganda.

Si Basilio, isang batang lalaki na kaibigan ng kanilang angkan, ay nag-aaral na noon sa Maynila, at ang batang iyon ay ipinanganak ding dukhang gaya nila.

Dahil sa pag-unlad ng angkan, pinagkaisahan ng kaniyang mga kanayon na siya’y gawing Cabesa de Barangay dahil siya ang pinakamasipag sa kanilang nayon. Sapagkat Cabesa na ay kinakailangang magpagawa siya ng Amerikana, magkaroon ng pilyetrong sombrero, at humanda na sa paggasta.

Upang maiwasan ang basag-ulo sa pari o sa pamahalaan ay binabayaran na sa sariling bulsa ang mga nakatalang pangalan. Ang iba ay namatay at ang iba naman ay lumipat ng tirahan. Marami siyang naaksayang panahon sa paniningil ng buwis at pagpunta sa ulumbayan ng lalawigan.

“Mapagmapaumahan ka! Ipagpalagay mong ang mga kamag-anak ng buwaya ay sumama sa kanya”, ang sabing patawa ni Tandang Selo.

“Sa isang taon ay magsasaya ka nang mahaba at mag-aaral sa Maynila katulad ng mga dalaga sa bayan”, wika ni Kabesang Tales sa kaniyang anak na dalaga.

Ngunit ang susunod na taon ay hindi na dumating at sa halip noon ay naragdagan pa ng buwis. Nayamot si Kabesang Tales at nagkamot ng ulo sapagkat ang lahat ng bigas sa palayok ay napunta sa talyase.

Nang umabot na nagbuwis ng dalawandaang piso, hindi na nasiyahan si Kabesang Tales sa pagkakamot ng ulo at pagbubuntong- hininga –tumutol na siya at bumulong- bulong. Sa gayo’y sinabi sa kanya ng prayleng tagapangasiwa na kung hindi siya makababayad ng gayong buwis ay ibang tao na ang liling ng mga lupang iyon.

Akala niya noong una ay nagbibiro lamang ang pari, ngunit hindi, at inatasan nito ang isa niyang bataan na siyang tumira sa lupa. Namutla ang kaawa-awang si Kabesang Tales at parang umuugong ang tainga.

Isang mapulang-ulap ang tumakip sa kanyang mata at doo’y namalas ang kanyang asawa’t anak na babae na namumutla, payat, naghihingalo dulot ng

pagpapahirap ng lagnat na paulit-ulit. At pagkatapos ay namalas ang masinsing gubat na naging bukirin, namalas niya ang agos ng pawis na dumidilig sa mga tudling, namalas niya ang kaniyang sarili.

Siya rin ang kaawa-awang si Tales, na nag-aaro sa init ng araw, at nagkakatisod-tisod sa mga bato at mga ugat ng kahoy, samantalang ang uldog, kasama ang taong siyang hahalili sa kaniya sa pagmamay-ari ng lupa, ay namamasyal sa karwahe katulad ng isang panginoon na sinusundan-sundan ng isang alila. Hindi, makalilibong hindi. Pababayaan na muna niyang lumubog sa lupa ang bukirin at matabunan na silang lahat.

Sino ang lapastangang may karapatang umagaw sa kaniyang lupa? Nagdala ba siya? Noong siya ay pumarito buhat sa kanyang bayan niya kahit isang dakot lamang ng alabok na iyon? Nabaluktot man lamang ba niya ang isa niyang daliri sa pagbubunot ng mga ugat na nangabaon doon?

Sawa na sa pagbabala ng mga pari na nagmamatigas ng kaniyang karapatan sa harap ng ibang mga kasama, si Kabesang Tales ay nanlaban at ayaw magbayad ni kalahati, at dahil sa lagi ng nang namamalas ang mapupulang ulap, ay sinabi niyang ibibigay niya ang kaniyang lupa sa mga taong unang dumilig sa alabok nito ng dugong umaagos sa kaniyang ugat.

Si Tandang Selo na nakatingin sa mukha ng anak ay hindi bumanggit ng buwaya, at pinaglulubag ang kalooban niya sa pamamagitan ng pagbabanggit ng tungkol sa palayok, ang ipinaaalala rin ay ang isang taong nanalo sa usap ay hindi natirhan ng kahit isang baro sa katawan.

“Tayong lahat anak, ay uuwi sa lupa at ipinanganak tayong walang baro”, ang sagot ng kaniyang ama.

Kaya nagpakatanggi-tanggi siya sa pagbabayad at ayaw ibigay kahit isang dipang lupa kung hindi muna ipakikita ng mga pari ang katurunan o kasulatan na sila nga ang may-ari.

Sapagkat walang maipakitang anuman, nag-uusap sila, nanalig siyang kung hindi man lahat ay may mga taong maibigin sa katarungan at gumagalang sa kautusan.


“Naglilingkod at naglilingkod pa rin ako sa hari sa pamamagitan ng aking mga salapi at paggawa”, ang sabi niya sa sumisisi sa kaniya. “Hinihiling ko sa kaniya ngayon na gawaran ako ng katarungan, at mapipilitan siyang gumawa niyon sa akin.”

(Balikan sa Aralin 2)

Kabanata VII- Si Simoun

Kabanata VIII Maligayang Pasko

Sa pagmulat ng namumugtong mga mata ni Huli ay napansin madilim pa ang bahay ngunit nagtititilaok na ang mga manok. Unang naisip niya ay baka sakaling ang Birhen ay nakagawa ng himala at ang araw ay hindi sisikat kahit na inaanyayahan ng mga manok. Siya'y bumangon, nagkrus, nanalangin taimtim, at dahan-dahang nagpunta sa batalan.



Guhit ni Abraham G. Ocan

Walang himalang nangyari, ang araw ay namamanaag na at nagpapakilala ng maliwanag na

umaga, ang simoy ng hangin ay malamig, ang mga bituin sa silangan ay nanlalabo na, at ang tilaukan ng mga manok ay nag-ibayo. Ang gayo'y mabilis na paghingi; madali sa Birhen ang magpadala dalawandaa't limampung piso.

Gaano nang ibigay sa kaniya ng Ina ng Diyos ang halagang iyan! Ngunit sa ilalim ng imahen ay walang nakita kundi ang sulat ng amang humihingi ng pantubos na limandaang piso. Wala nang dapat gawin kundi lumakad. Nang makitang hindi kumikilos ang kaniyang Ingkong ay inakalang ito'y natutulog kaya't nagluto na siya at parang ibig pa niyang matawa.

Ano nga bang dapat ikalungkot sa gabing sinundan? Hindi naman sa pakalalayo, makauwi siya tuwing ikalawang araw at makadadalaw siya sa kaniyang Ingkong. Tungkol naman kay Basilio ay matagal nang nalalaman ang tayo ng kanilang usapin kung kaya't malimit nitong sabihin ang:

“Kung ako'y doktor na at kasal na tayo, hindi na kakailanganin ng iyong ama ang kaniyang mga lupain”.

“Napakahangal ko sa malabis na pag-iyak!” ang nasabi niya sa sarili nang siya'y nag-aayos na ng tampipi. Nahipo ang kaniyang laket kaya't idinikit ito sa labi at hinagkan, ngunit inilayo kaagad sa pangambang makahawa sapagkat ang laket na iyon na may brilyante at esmeralda ay buhat sa isang ketongin. Sa madaling salita, kung siya ay mahawa ay hindi na siya makapag-aasawa.

Nang lumiwanag na ay nakita ang Ingkong na nakaupo sa isang sulok, at pinagmamasdan ang kaniyang mga kilos. Dala ang kaniyang tampipi ng damit ay nakangiting lumapit sa matanda upang humalik sa kamay nito. Tahimik na binindisyunan siya ng matanda samantalang nagkukunwari siyang masaya.

“Kung sakaling dumating po si ama, pakisabi na lamang ninyong ako’y napasok na rin sa kolehiyo. Ang aking Panginoon ay marunong magsalita ng wikang Espanyol at ito ang pinakamurang kolehiyo na mapapasukan ko.”

Nang nakitang natitigmak ang luha sa mata ng matanda, sinunong ang kaniyang tampipi at madaling nanaog sa hagdanan na kinakaladkad pa ang kaniyang sinelas.

Ngunit nang muling lumingon sa bahay, na kinapawian ng kaniyang pagkabata at kinasalingan ng unang pangarap sa pagkadalaga, nang makita niyang malungkot, nag-iisa at walang tao at sa mga bintanang nakalapat nang kaunti ay walang nakadungaw at madilim na katulad ng mga mata ng isang patay, nang kaniyang marinig ang alatiit ng kawayanang hinihutok ng hanging isinisimoy ng malamig na umaga na tila nagsasabi ng paalam ay nawala ang kaniyang taglay na sigla, siya’y napahinto.

Ang kaniyang mga mata’y inagusan ng luha at hindi kinukusa’y napaupo sa isang buwal na kahoy na nahihiga sa daan, at kalunos-lunos na nanangis.

May mga ilang oras nang nakaalis si Huli, at ang araw ay mataas-taas na. Buhat sa bintana ay tinatanaw ni Tandang Selo ang mga nagdaraang taong nakabihis ng kanilang damit na pamista, papunta sa bayan upang magsimba. Halos lahat ay may akay o kaya’y may kilik na batang babae o lalaking nangabihis na wari’y patungo sa isang pista. Ang araw ng Pasko sa Pilipinas, ayon sa matatanda ay siyang araw ng mga bata, mga batang marahil ay may iba namang palagay na maaaring sabihing ang Pasko’y kinatatakutan nila.

Ginigising silang maaga sa araw na iyon, hinihilamusang, binibihisa’t sinusuotan ng mga bagong damit, ang pinakamahal at pinakamaganda nilang bagong damit, ang pinakamahal at pinakamaganda nilang natatago. Sinusuotan ng mataas na sutlang sapatos, malalapad na sombrero, traheng lana o tersiyopelo kaya, bukod pa ang apat o limang kalmen na kinalalagyan ng ebanghelyo ni San Juan, at sa gayong ayos, ay isinisimba nila sa misa mayor na tumagal ng halos isang oras.

Pinagtiis sila nang malabis na init at ng nakahihilong amoy ng nagsisiksikang mga taong pawisang-pawisan. Saka kung hindi man pagdadasalin ng rosaryo ay kailangang manatiling walang kibo hanggang sa mayamot o makatulog.

Sa bawat galaw nila o kalikutang nakagpaparumi ng damit ay isang kurot o isang bulyaw ang kanilang tinatanggap, kung kaya’t ni hindi sila makatawa ni mangatuwa at sa kanilang mga mata’y napapansing ibig pa nila ang damit na pang araw-araw kaysa mga burdadong pamistang iyon. Pagkatapos ay ipinapanhik sila sa bahay-bahay upang dalawin ang mga kamag-anak, p̄mamasko’t humalik ng kamay. Sa mga pinapanhikan nilang bahay ay kailangan silang sumayaw, umawit o ilabas ang mga katangiang kanilang nababatid kahit laban sa kanilang loob, o nahihirapan man sa kanilang gayak.

Kasama rin ang kurot galit kapag sumuway o gumawa ng bagay na di iniutos sa kanila. Binibigyan sila ng kuwalta ng mga kamag-anak, nguni’t karaniwa’y kinukuha ng kanilang mga magulang at hindi na nila nababalitaan kung saan naparoroon.

Ang tanging natitira sa kanilang gantimpala at bakas ng Pasko ay mga kurot na nabanggit na, ang kaaligagaang nangyari sa katawan at ang pagsakit ng sikmura dahil sa malabis na pagkain ng matamis, kunsilba at puto sa bahay ng mabubuting kamag-anak. Nguni’t iyan ang kinagisnang ugali at ang mga batang Pilipino ay

nanasok sa daigdig sa ganyang pagsubok na sa ano't anuman ay siyang hindi pinakamalungkot, siyang hindi pinakamahirap sa kabuhayan ng mga taong iyon.

Ang mga taong may kagulangan na, ang mga nagsasarili na, ay nakikisangkot din sa pistang ito sa pamamagitan ng pagdalaw, paglihod at pagbati ng Maligayang Pasko sa kanilang aginaldo ay kusilba, prutas, isang basong tubig o bagay na gaanong halaga.

Nakita ni Tandang Selo na nagdaan ang lahat niyangg kaibigan at malungkot na naiisip niyang wala siyang pang-aginaldo kanino man sa taong iyon, samantalang ang kanyang apong babae ay umalis nang wala rin siyang naibigay at ni hindi rin nakabati sa kanya ng Magandang Pasko. Ang gayon kaya ay isang kaselangan ni Juli o nakalimot lamang?

Nang tanungin ni Tandang Selo ang mga kamag-anak na kasama ang mga bata sa pagdalaw sa kanya ay lubos siyang nagulumihanan nang hindi siya makabigkas ni isang salita. Gaano man ang kanyang pagsisikap ay walang maibukang pangungusap sa kanyang mga labi. Hinipo ang kanyang lalamunan, umiiling, inuga ang ulo nguni't wala ring nangyayari.

Nang magnasang tumawa ang kanyang mga labi ay kuminig at walang narinig kundi isang impit na tunog na katulad ng pinakiskiskis na buho. Natingnan siya ng mga babaeng gulat. "Napipi na!" "Napipi na!" ang sigawan ng mga nasisindak na noon di'y nagkagulo.

Kabanata X

Kayamana't Karalitaan

Ikinagulat ng lahat nang nakituloy ang mag-aalahas na si Simoun kay Kabesang Tales. Bagamat kapos ay malugod na tinanggap ni Kabesang Tales si Simoun na namamalagi ng isang araw at isang gabi. Dala ni Simoun ang pagkain at dalawang katulong. Nagtanong si Simoun ukol sa daan at kung sapat na ang rebolber na dala. Malayo rin ang kayang abutin nito', sabay pagbaril sa punong may bunga na di kalayuan.

Dumating ang mga taong nais bumili ng alahas at nagbatian ang bawat isa ng Maligayang Pasko. Naroon si Kapitan Basilio, Kapitana Tika at pati si Sinang. Tatlong libong piso ang gugugulin ng Kapitan. Si Hermana Penchang naman ay bibili ng singsing para sa Birhen ng Antipolo ngunit hindi niya kasama si Huli.

Ipinakita ni Simoun ang mga alahas. Ilan dito ay kolyar na Cleopatra, singsing ni Sila, singsing ng Senador sa Roma, singsing ni Lombelle at hikaw ni Maria Antonieta. Ang hikaw ay may pagka-asul na may gabutil na mais na brilyante. Nais sana ito ni Sinang ngunit tatlong libong piso ang halaga. Nanlumo rin si Hermana dahil nais niya sana ito para sa birhen.

Naroon ang mga hiyas sa ikalawang sisidlan na may iba't ibang hugis at kulay. May siparo, diyamante, esmeralda, rubi, at perlas. Sa ikatlo ay naroon ang mga kalupi, orasan, kuwintas, at relikaryong may brilyante. Ang ikaapat ay naglalaman

ng mga baton na nakapagpamangha sa lahat. Ayaw tumingin ni Kabesang Tales ng mga alahas sapagkat naalala niya ang kanyang kasawian.

Sinabi ni Simoun na tinatawaran ni Quiroga ang brilyanteng asul ng anim na libong piso ngunit hindi siya pumayag dahil sa mahalaga ito. Walang nais humawak ng mga alahas. Samantalang si Kabesang Tales ay tulala at sinabing isang maliit na brilyante lamang ay makapagpapabalik sa kanilang buhay at makatutubos kay Huli.

Naglabas si Simoun ng isang sisidlan, “Ang kahong ito ay naglalaman ng buhay at kamatayan, ng lunas at lason, at sa isang dakot nito’y ang mamamayang Pilipinas ay kaya kong paluhain.” Pumili na ang mga mamimili. Naalala ni Hermana ang laket ni Huli at nais itong bilingin ni Simoun ng limang daang piso matapos na malaman na ito ay dating kay Maria Clara. “Pupuntahan ko muna ang aking anak upang ipaalam sa kanya. Babalik ako bago magdilim,” wika ni Kabesang Tales.

Isang liham ang iniwan ni Kabesang Tales kinabukasan. Kinuha ni Tales ang rebolber upang sumama sa tulisan at kapalit nito ang laket na nais ni Simoun. Sa wakas ay natagpuan ko rin ang aking tauhan, may pagkamahinahon nga lamang ngunit may isang salita,” sabi ni Simoun. Ipinadala niya sa mga tauhan ang sisidlan sa Los Baños.

Dumating ang mga guwardiya sibil upang hulihin si Kabesang Tales ngunit wala ito kaya’t si Tandang Selo ang kinuha. Sa lugar ng pinagkitaan ng mga bangkay na napatay kinagabihan ay may papel na sinulatan ng dugo ng salitang Tales.

Sagutin:

Panuto. Lagyan ng *emoji* ang bawat patlang kung anong damdamin ang nangingibabaw sa bawat pangungusap.



Malungkot



Masaya



Umiiyak

- _____ 1. Maagang nawalan ng magulang.
- _____ 2. Nagkaroon nang matinding sakit ang mahal sa buhay.
- _____ 3. Pantay-pantay ang natanggap na mana galing sa magulang.
- _____ 4. Nakapagtapos ng pag-aaral.
- _____ 5. Dating mahirap pero sa huli nagkaroon magandang buhay.



Suriin

Nagiging mas maayos ang paraan ng pagpapahayag natin ng ating saloobin o opinyon kung maalam tayo sa mga salitang gagamitin natin. Makikita sa ibaba ang mga salitang hudyat sa pagpapahayag ng opinyon. Basahin ito at unawaing mabuti.

Mga Pahayag na Ginagamit sa Pagbibigay ng Opinyon

Ang pagbibigay ng opinyon ay ang pagbibigay ng saloobin at damdamin ng tao. Ito rin ay pagpapaliwanag ng mga bagay na batay sa mga makatotohanang pangyayari.

Mga Pahayag sa Pagbibigay ng Matatag na Opinyon

- a. Buong igting kong sinusupportahan ang....
- b. Kumbinsido akong....
- c. Lubos kong pinaniniwalaan....
- d. Labis akong naninindigan na....

Mga Pahayag sa pagbibigay ng Neutral na Opinyon

- a. Kung ako ang tatanungin....
- b. Kung hindi ako nagkakamali....
- c. Sa tingin ko....
- d. Sa totoo lang....
- e. Sa aking panananaw....



Pagyamanin

Ngayon, ating subukin ang iyong bokabularyo. Iyo nang sagutin ang mga sumusunod na tanong. Paghusayan mo!

Gawain 1

Panuto: Basahin at bilugan ang titik ng kahulugan ng mga salitang nasalungguhitan sa mga sumusunod na pahayag.

1. Nabaluktot man lamang ba niya ang isa niyang daliri sa pagbubunot ng mga ugat na nangabaon doon?
 - a. naputol
 - b. natiko
 - c. natumba
 - d. nayupi

2. Ibibigay niya ang kaniyang lupa sa unang taong dumilig sa alabok nito ng dugong umaagos sa kanyang sugat.
 - a. dumadaloy
 - b. bumabara
 - c. lumulutang
 - d. tumutulo

3. “Tayong lahat anak ay uuwi sa lupa at ipinanganak tayong walang baro.”
 - a. ipinaglihi
 - b. isinilang
 - c. pinag-aral
 - d. pinalo

4. Dapat kong bantayan ang aking pananim.
 - a. diligan
 - b. silipin
 - c. tingnan
 - d. ulugan

5. “Ipagpalagay mong lumaki ang buwaya”
 - a. Dumami
 - b. lumiit
 - c. tumaas
 - d. tumapang

Dapat ba na ipaglaban ng isang taong naapi ang kanyang karapatan? Pagkatapos mong basahin at unawain ang akda, natunghayan mo at lubos na nakilala si Kabesang Tales. Ngayon ay subukin natin ang lalim ng iyong pagkakakilala sa kanya.

Gawain 2

Panuto: Piliin mula sa kahon ang salitang kokompleto sa diwa ng pangungusap. Isulat ito sa patlang.

mamatay	paninindigan	laket
kasambahay	paghihiganti	singsing

1. Si Kabesang Tales ang taong may prisipyo at _____.
2. Handa si Kabesang Tales na pumatay at _____.
3. Nagkamali si Simoun ng paraan ng kanyang _____.
4. Mapagmahal at masunurin na anak si Huli dahil siyay pumasok na _____ kay Hermana Penchang.
5. Ipinagpalit ni Kabesang Tales sa rebolber ni Simoun ang _____ ni Maria Clara.

Gawain 3

Panuto: Bilugan ang titik ng wastong sagot.

1. Paano nagkaroon ng lupang sinasaka si Kabesang Tales?
 - a. Ibinenta sa kanya ng isang kaibigan
 - b. Ipinamana sa kanya ng magulang
 - c. Iniregalo sa kanya ng kamag-anak
 - d. Inakala niyang walang nagmamayari sa lupa, nilinis, kinaingin at tinaniman.

2. Naging magaan ba para sa kanya ang tungkuling iniatang sa kanya?
 - a. oo
 - b. hindi
 - c. katamtaman lang
 - d. maaari

3. Ang suliraning kanyang kinaharap bilang isang Cabeza de barangay ay?
 - a. kapag may hindi nakapagbibigay ng buwis siya ang nagpapaluwal
 - b. siya ang nagsasalita tuwing pista
 - c. wala siyang tulog
 - d. nagkakasakit siya

4. Ang biglang pag-atras ni Simoun nang biglang lumabas si Basilio sa likod ng puno ay nagpapakita ng
 - a. pagkabigla
 - b. pagkagalit
 - c. pagkatakot
 - d. pagkayamot

5. Sa tuwing sumasapit ang araw ng Pasko, ginagamit daw ng mga Pilipino ang mga bata para makakuha ng maraming.
 - a. aginaldo
 - b. kaibigan
 - c. pagkain
 - d. damit



Isaisip

Panuto: Isulat ang mga bagay na natutuhan mo sa modyul na ito.

Mga Natutuhan Ko	1.	
	2.	
	3.	
	4.	
	5.	
	6.	



Isagawa

A. Upang magabayan ka sa gawaing iniatas sa iyo, panoorin mo muna and *video* tungkol kay Kabesang Tales na makikita sa link na ito.

<https://www.youtube.com/watch?v=CLzVJN2DUK4>

Panuto: Tukuyin ang kaugnayan ng kaisipang lutang sa *video* na iyong pinanood at akdang nabasa mo na. Punan ang dayagram sa ibaba.

Napanood na <i>Video</i>	Akdang Nabasa
Pamagat:	Pamagat:
(Ano ang koneksyon o kaugnayan ng <i>video</i> at akda?)	

B. Sa nobela, si Tano ay anak ni Kabesang Tales na naging *guardia civil*. Sa awit naman ng musikerong si Ramon T. Ayco na may pamagat na “Tano” na nasulat noon pang 1978, si Tano ay isang magsasaka ring kagaya ni Kabesang Tales.

Pakinggan ang awit sa <https://www.youtube.com/watch?v=saq4r9jdYMU> at sagutin ang kahon sa ibaba. Isulat sa sagutang papel ang iyong naging pagkukumpara.

Pagkukumpara ng Tauhan at Kanilang Kalagayan	Kabesang Tales sa El Filibusterismo	Tano sa awit ni Ramon T. Ayco
Pagkakatulad ng Kalagayan at Suliranin		
Pagkakaiba ng Kanilang Kalagayan		



Tayahin

Gawain 1

Panuto: Ayon sa iyong binasang buod ng kabanata, isulat sa patlang ang **TAMA** kung ang pangyayari ay totoo at isulat ang **MALI** kung ang pangyayari ay hindi totoo.

- _____ 1. Si Kabesang Tales at ang kanyang pamilya ay nagkaingin sa isang gubat dahil inakalang walang nagmamay-ari nito.
- _____ 2. Naging pipi si Tandang Selo sa kadahilanang hindi na niya nakayanan ang mga pagsubok na naranasan ng kanyang pamilya.
- _____ 3. Ayon kay Simoun, marami ang maidudulot ng kabutihan ang pag-aaral ng wikang Kastila.
- _____ 4. Hinayaan na mabuhay ni Simoun si Basilio.
- _____ 5. Nang magising si Huli tinungo niya ang imahen ng Birhen at may naganap na himala.
- _____ 6. Ayaw tumingin ni Kabesang Tales ng mga alahas sapagkat naalala niya ang kanyang kasawian.
- _____ 7. Ipinagpalit ni KabesangTales sa rebolber ni Simoun ang agnos ni Huli.
- _____ 8. Sinabi Tandang Selo kay Kabesang Tales na “Tayong lahat ay uuwi sa lupa at ipinanganak tayong walang baro.
- _____ 9. Ang araw ng pasko sa Pilipinas ayon sa matatanda ay araw ng mga bata.
- _____ 10. Hindi dumating ang guwardiya sibil kaya hindi nahuli si Tales.

Gawain 2

Panuto: Piiin ang tamang sagot at isulat sa patlan ang titik ng wastong sagot.

1. Sa pagbabantay sa lupang pinayabong at pinaganda, nahuli si Tales ng mga _____.
a. kura b. pamilya c. sundalo d. tulisan
2. Ang mga katunggali ni Tales at Tata Selo ay maihahalintulad sa isabg _____.
a. aso b. buwaya c. kalabaw d. tigre
3. Hindi pinatay ni Simoun si Basilio dahil makakatulong ito sa pakikipaglaban at upang maimpluwensiyahan ang mga _____.
a. guwardiya sibil b. kaibigan c. kamag-anak d. mga pari
4. Ang laket na ibinigay ni Basilio ay galing sa _____.
a. heneral b. ketongin c. mayaman d. pulubi
5. Kahit maraming ginagawa si Simoun at abala siya sa pagbebenta ng alahas lagi pa rin niyang tinitignan si _____.
a. Basilio b. Kabesang Tales c. Sinang d. Tata Selo

Gawain 3

Panuto: Sumulat ng maikling talataallahad ang iyong sariling saloobin o damdamin hinggil sa paksa o konseptong nakapaloob sa tinalakay na aralin.

Paksa: Pag-agaw Sa Lupang Sinasaka ni Kabesang Tales

Pamantayan	Deskripsyon	Puntos	Nakuha ng Puntos
Nilalaman	Nailalahad ang mga tanong, isyu, at mga mungkahing solusyon sa mga suliranin	20	
Organisasyon	Naipakikita ang maayos na ugnayan o kaisahan ng diwa ng mga pangungusap	10	
Estilo	Nakasusulat ng isang maayos na saloobin ukol sa isyu	10	
KABUOANG PUNTOS			/40



Karagdagang Gawain

Bilang karagdagang gawain, sagutin ang sumusunod na tanong.

Panuto: Pagsunud-sunurin ang mga pangungusap ayon sa pangyayari. Isulat ang bilang (1-5) sa patlang.

- _____ 1. Matagal na nagkasakit at namatay ang anak ni Tales.
- _____ 2. Nilinis, pinaganda at tinamnan ang isang bahagi ng kagubatan.
- _____ 3. Binantayan ng maigi ni Tales ang lupa.
- _____ 4. Umabot hanggang langit ang galit ni Tales.
- _____ 5. Sinisingil si Tales ng mataas na buwis sa lupa.



Mahusay! Napagtagumpayan mong sagutin ang mga gawain sa modyul na ito. Ipagpatuloy at pagbutihin mo pang lalo sa susunod na modyul.



Susi sa Pagwawasto

Modyul 3

Subukin

1. A
2. C
3. A
4. C
5. C
6. A
7. B
8. D
9. D
10. B

Gawain 1

-Mabigyan ng pantay-pantay na karapatan ang anumang seksuwalidad sa
 lipunan. (Nakabatay ang sagot sa mga mga-aaral)

Gawain 2

-hinding- hindi na baba ang presyo ng palay
 -mahirap ng baguhin ang presyo ng palay
 -imposibleng gawin pang 7.00 presyo ng palay
 -kawawa ang mg magsasaka kung ibaba pa ang presyo ng palay
 (Nakabatay ang sagot sa mga mag-aaral)

Balikan

1. A
2. A
3. C
4. A
5. A

Sagutin

1. 😊
2. 😊
3. 😊
4. 😊
5. 😊

Pagymamanin

1. B
2. A
3. B
4. C
5. A

Gawain 2

1. paninindigan
2. mamatay
3. paghihiganti
4. kasam-bahay
5. laket

Gawain 3

- 1. D
- 2. B
- 3. A
- 4. A
- 5. A

ISAISIP

Mga posibleng kasagutan

-Nasisira ang buhay sa mga taong ganid at mapanlamang sa lipunan

-Pagiging masipag at matiyaga

-Pakikipaglaban sa karapatang pantao

(Nakabatay ang mga sagot sa mag-aaral)

ISAGAWA

Mga posibleng kasagutan

Parhong may karahasan, pang-aapi, pakikipagsapalaran,

pagmamalabis, pakikipaglaban at pang-aabuso sa mga taong walang laban

(Nakabatay ang mga sagot sa mag aaral.

TAYAHIN

Gawain 1

- | | |
|---------|----------|
| 1. TAMA | 6. TAMA |
| 2. TAMA | 7. TAMA |
| 3. TAMA | 8. TAMA |
| 4. TAMA | 9. TAMA |
| 5. MALI | 10. MALI |

Gawain 2

- 1. D
- 2. B
- 3. B
- 4. B
- 5. A

Gawain 3

Posibleng sagot

Inangkin ng mga prayle ang lupang pinanulad ni Kabesang Tales. Pumayag siya na magbigay ng buwis sa mga prayle dahil sa kanyang kabatiran kahit na dugot pawis ng kanyang mahal na pamilya ang ipinuhunan. Hindi nakontento ang mga prayle sa paninili kay Kabesang Tales tinaasan ng tinaasan ang buwis hanggang tuluyanang inangkin ang kanyang lupang kanyang sinasakahan. Matapang niyang hinatap ang pagsubok at pinaglaban ang kanyang karapatan. Makikita dito ang pang-aabuso at korapsyon sa pamahalaan (Nakabatay ang mga sagot sa mga mag-aaral)

Karagdagang Gawain

- 1. 2
- 2. 1
- 3. 3
- 4. 5
- 5. 4

Sanggunian

De Guzman, Maria O. et al. 1960. Ang “El Filibusterismo” – Rizal, First Revised Edition, National Bookstore

De Vera, Estrella et al. 2002. El Filibusterismo (Obra Maestra IV), Rex Bookstore.

Mga Websayt

Pinoy Himigrants. (2021, January). TANO (Ramon Ayco Sr.) performed by Himigrante th [Video]. Youtube. <https://www.youtube.com/watch?v=saq4r9jdYMU>

Acacio, Cora (2020, April). Kabesang Tales: Kabiguan at Tagumpay. [Video]. Youtube. <https://www.youtube.com/watch?v=CLzVJN2DUK4>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph